

Abiso Tungkol sa Mga Karapatan ng Empleyado: Pagliban Para sa Kaligtasan at Sakit

Kung nagtatrabaho ka ng part time o full time sa anumang negosyo o nonprofit sa NYC o kung nagtatrabaho ka sa isang sambahayan sa NYC bilang isang domestic worker (kasambahay), mayroon kang karapatan sa pagliban para sa kaligtasan at sakit upang alagaan ang iyong sarili o sinuman na kinokonsidera mong pamilya. Mayroon ka ng karapatang ito anuman ang iyong kalagayan sa imigrasyon. Kailangang ibigay ng iyong employer sa iyo ang abisong ito na nagpapaliwanag ng iyong mga karapatan.

Dami ng Pagliban Para sa Kaligtasan at Sakit:

- Ang lahat ng mga employer ay dapat magbigay ng hanggang **40 oras** na pagliban para sa kaligtasan at sakit para sa bawat taon ng kalendaryo.

Magsisimula sa Enero 1, 2021:

- **Dapat magbigay ang mga employer na mayroong 100 o higit pang mga empleyado** ng hanggang **56 oras** na pagliban para sa kaligtasan at sakit para sa bawat taon ng kalendaryo.

Ang taon ng kalendaryo ng iyong employer ay: _____ hanggang _____
Unang buwan Huling buwan

Makakaipon ka ng pagliban para sa kaligtasan at sakit sa rate na **1 oras para sa bawat 30 oras ng pagtatrabaho**.

May karapatan ka sa **BAYAD** na pagliban para sa kaligtasan at sakit kung:

- Ang iyong employer ay may 5 o higit pang mga empleyado.
- Ang iyong employer na may mas kaunti sa 5 empleyado ngunit mayroong kabuuang kita na binawas ang gastusin (net income) na \$1 milyon o higit pa. (epektibo sa Enero 1, 2021)
- Nagtatrabaho ka sa tahanan ng isang indibidwal bilang domestic worker (kasambahay); halimbawa, babysitter, tagalinis o housekeeper, o companionship worker (empleyado sa pangangalaga).
Tandaan: Sinasaklaw ng batas ang 1 o higit pang mga empleyado na nagtatrabaho sa isang sambahayan.

May karapatan ka sa **HINDI BAYAD** na pagliban para sa kaligtasan at sakit kung:

- Ang iyong employer na may mas kaunti sa 5 empleyado at mayroong kabuuang kita na binawas ang gastusin (net income) na hindi lalagpas sa \$1 milyon.

Maaaring idagdag ang hindi nagamit na pagliban para sa kaligtasan at sakit sa susunod na taon ng kalendaryo.

Paggamit ng Pagliban Para sa Kaligtasan at Sakit:

- Gamitin ito para sa iyong kalusugan, kabilang ang pagkuha ng medikal na pangangalaga o para gumaling sa isang sakit o pinsala.
- Gamitin ito para sa pangangalaga ng isang kapamilya na mayroong sakit o mayroong medikal na appointment.
- Gamitin ito kapag nagsara ang iyong trabaho o paaralan ng iyong anak dahil sa isang pampublikong emerhensiya sa kalusugan.
- Gamitin ito para sa iyong kaligtasan o para sa kaligtasan ng isang kapamilya dahil sa karahasan sa tahanan, hindi nais na seksuwal na interaksyon, pag-stalk o pagbebenta ng tao.

Maaaring hingiin ng iyong employer na magbigay ka ng paunang abiso sa pinaplanong paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit; halimbawa, upang pumunta sa naka-iskedyul na appointment sa doktor o pagdingig sa korte. Hindi mo kailangang magbigay ng paunang abiso sa hindi inaasahang paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit; halimbawa, isang biglaan na sakit o medikal na emerhensiya.

May karapatan ka sa pagkapribado o privacy. Hindi mo kailangang ibigay sa iyong employer ang mga detalye kung bakit mo ginamit ang pagliban para sa kaligtasan at sakit.

Maaaring hingin ng iyong employer ang dokumentasyon kung gumamit ka ng pagliban para sa kaligtasan at sakit nang mahigit sa tatlong magkakasunod na araw ng trabaho. Kailangang bayaran o i-reimburse ng iyong employer ang anumang mga bayarin na binayaran mo para sa kailangang dokumentasyon. *Hindi* dapat kabilang sa dokumentasyon ang mga detalye ng iyong pampribadong medikal o personal na sitwasyon.

Mga Kinakailangang Nakasulat na Pagsisiwalat tungkol sa Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit:

Ang iyong employer ay kailangang:

- Magbigay sa iyo ng nakasulat na polisiya para sa pagliban para sa kaligtasan at sakit na nagpapaliwanag kung paano magamit ang iyong mga benepisyo.
- Sabihin sa iyo kung gaano kadaming pagliban para sa kaligtasan at sakit ang iyong nagamit at natitira pa sa bawat panahon ng pagsweldo.

Walang Paghihiganti:

Iligal na parusahan o tanggalin sa trabaho ang mga empleyado para sa paghiling o paggamit ng pagliban para sa kaligtasan at sakit o para sa pag-uulat ng mga paglabag.



Bill de Blasio
Mayor

Consumer and
Worker Protection

Lorelei Salas
Commissioner

Makipag-ugnayan sa Consumer and Worker Protection upang higit pang matuto o para maghain ng reklamo.

Bisitahin ang nyc.gov/workers | Tumawag sa 311 at magtanong para sa "Bayad na Pagliban Para sa Kaligtasan at Sakit"

Maaari ka rin magbigay ng DI KILALA o ANONYMOUS na tip.